# *Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 10*

Narito sa mensaheng ito habang patuloy nating tatalakayin kung paanong gumawa ng tamang pagpapasya sasabihhin natin ang tungkol sa limang pangkat ng paglilingkod:

***“11 At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at mga guro; 12 Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo: 13 Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo: 14 Upang tayo'y huwag nang maging mga bata pa, na napapahapay dito't doon at dinadala sa magkabikabila ng lahat na hangin ng aral, sa pamamagitan ng mga daya ng mga tao, sa katusuhan, ayon sa mga lalang ng kamalian; 15 Kundi sa pagsasalita ng katotohanan na may pagibig, ay mangagsilaki sa lahat ng mga bagay sa kaniya, na siyang pangulo, sa makatuwid baga'y si Cristo; 16 Na dahil sa kaniya'y ang buong katawan na nakalapat na mabuti at nagkakalakip sa pamamagitan ng tulong ng bawa't kasukasuan, ayon sa paggawang nauukol sa bawa't ay iba't ibang sangkap, ay nagpapalaki sa katawan sa ikatitibay ng kaniyang sarili sa pagibig.” (Epeso 4:11-16 KJV)***

Ang mga kaloob ni Jesus sa Kanyang simbahan nang siya'y umakyat sa Langit at ipinadala ang Banal na Espiritu ay ang mga sumusunod: ***“At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at mga guro;” (Epeso 4:111 KJV)*** Ang limang espirituwal na mga kaloob na ito may malaking epekto sa buhay ng simbahan. Ang sumusunod ay maikling paglalarawan para sa bawat isa ng mga espirituwal na mga kaloob na ito at tanggapan:

***A. Mga Apostol:*** Ay ang mga Apostol ni Jesus na nagtayo ng pundasyon sa Bagong Tipan ng simbahan. Ang kahulugan ng apostol ay ipinadala ng Dios. Ang kanilang ministerio ay sinamahan ng mga tanda at kababalaghan. Tayo, ang mga kasalukuyang disipulo na patuloy na naglalatag ng pundasyon ng Simbahan ay hindi mga apostol kundi ginagawa at ipinagpapatuloy natin ang ministeryo ng mga apostol.

***B. Mga Propeta:*** Ay ang mga nagpapahayag ng buong kalooban ng Dios at kung ano ang mangyayari sa mga sumunod at sa mga sumuway. Ang mga propeta din ang makakapagsabi sa kung anong mangyayari sa hinaharap.

***C. Mga Evangelista:*** Ay ang mga nagdadala ng mensahe ng kaligtasan sa mga hindi pa nakakarinig ng mensahe tungkol kay Jesus at hikayatin silang magsisi at tanggapin si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas, at ang Kanyang ginawa sa krus bilang tanging daan upang mapatawad ang kanilang mga kasalanan at sila’y maligtas.

***D. Mga Pastor:*** Ay ang mga namumuno sa tupa, nagpapakain at hayaan silang dumaan sa luntiang pastulan at gabayan sila sa kanilang buhay at protektahan sila at ilayo sila mula sa mga panganib.

***E. Mga Guro:*** Ay ang mga nagbibigay ng wastong mensahe ng kahulugan at pagsasagawa ng Salita ng Dios na nasa Banal na Bibliya. At sila’y estrikto upang ipatupad ang aral.

Ngayon kailangan nating gawin ang limang mga kaloob na ito at gawing akma at naangkop sa buhay ng simbahan at paraan kung paano gawin ang tamang desisyon.

***“11 At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at mga guro;” (Epeso 4:11 KJV)*** Ang Panginoong Jesus Mismo na ibinigay sa atin, sa Kanyang simbahan, ang lahat ng mga ito ay mahalagang espirituwal na mga kaloob o tungkulin upang tulungan Niya ang Kanyang simbahan at tulungan tayo na gumawa ng tamang pasya.

***A. Mga Apostoles:*** Habang inilalatag natin ang pundasyon ni Cristo sa buhay ng ating pamilya at sa buhay ng bawat ministeryo ng simbahan, tinitiyak natin na ang bawat pamilya at ministeryo ng simbahan ay susulong kaantabay ng Salita ng Dios, ng mga doktrina ng Dios at ng kalooban ng Dios, at na tayo’y pinatnubayan ng Banal na Espiritu upang dumaan sa daan na itinakda ng Diyos para sa atin na pagdaanan.

***B, Mga Propeta:*** * Na nagpapahayag ng kalooban ng Dios at ng mga plano ng Dios, at tutulong sa simbahan at sa mga miyembro at sa mga pamilya na gumawa ng tamang desisyon na maging sa ganap na kalooban ng Dios. * Nagbibigay din ng babala ang mga propeta tungkol sa mangyayari sa hinaharap at makakatulong iyon sa mga miyembro ng simbahan na makita ang daan na kailangan nilang tahakin. * Nagbibigay din ng babala ang mga propeta sa mga nagkakasala tungkol sa darating na paghatol ng Dios, at gayon din ang mga propeta ay nagbibigay ng panghihikayat sa mga gumagawa ng kalooban ng Dios na magpatuloy sa tamang daan.

***E. Mga Evangelista:*** Habang inaabot nila ang mga bagong tao para kay Cristo, tutulungan nila silang gawin ang tamang desisyon na sundin si Cristo at talikuran ang kanilang mga kasalanan at mamuhay sa kabanalan para kay Cristo.

***D. Mga Pastor:*** * Na namumuno sa mga tupa, nagpapakain sa mga kawan at pinapadaan sila sa luntiang pastulan at ginagabayan sila sa kanilang buhay at pinoprotektahan sila at inilalayo sila sa mga panganib. Sa lahat ng mga tungkuling ito patuloy silang sumusubaybay at nagtuturo at namamahala sa simbahan at sa mga kasapi at sa mga pamilya nang buong kalooban ng Dios.

***E. Mga Guro:*** Sa bawat simbahan ibibigay ng Dios ang mga guro na magbibigay ng tiyak na turo na kung saan ang tanging simbahang iyon ay kailangang malaman na mapagtagumpayan ang kasalanan at dumaan sa kalooban ng Dios at mapanatili ang lahat na naaayon sa Salita ng Dios.
Ang bawat tanggapan ng limang tanggapang ito ay tutulong sa simbahan at sa mga miyembro, manggagawa at pamilya na gumawa ng tamang desisyon at tutulungan silang gumawa ng tamang mga pagpili na naaayon sa kalooban ng Dios.

***"12 Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo." (Epeso 4:12 KJV)*** * Ang limang katungkulang ito'y magsisikap na pasakdalin ang mga banal at ang mga pamilya kung anong kulang sa kanila. Ang limang katungkulang ito ang magpapasakdal sa kanila hinggil sa ministeryo at sa mga pagpili na kanilang gagawin upang ipagpatuloy ang kanilang paglilingkod sa Dios sa buong kalooban ng Dios. * Pati na rin ang mga katungkulang ito ay magsisikap na linisin ang mga kasapi ng simbahan mula sa mga kasalanan sa pamamagitan ng pagbibigay ng Salita ng Dios, at hikayatin silang gumawa ng tamang mga desisyon upang mapanatili silang mabuhay sa kabanalan at ito ang proseso ng pagpapatibay ay magpapatuloy.

***"13 Hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios, hanggang sa lubos na paglaki ng tao, hanggang sa sukat ng pangangatawan ng kapuspusan ni Cristo:" (Epeso 4:13 KJV)*** * Ang limang mga kaloob o katungkulang ay makakatulong sa bawat isang kasapi ng simbahan na makilala si Cristo sa pamammagitan ng Kanyang Salita na may tamang pagkaunawa sa pamamagitan ng pagbatid sa kalooban ng Dios at sa plano ng Dios para sa kanya. * Ang limang katungkulang ito ang gagabay sa bawat kasapi na gumawa ng tamang desisyon at gumawa ng tamang mga pagpili. * Ang mga tamang paghirang at tamang desisyon kapag ginawa sa tamang oras at ayon sa itinalaga ng Dios ay tutulungan nito ang mga kasapi na umunlad at maging ganap hanggang sa kabuuan kay Cristo. * Gayundin ang pagkakaisa sa pananampalataya ay maaabot kapag naabot na ng lahat ng kasapi ang kabuuan kay Cristo.

***"14 Upang tayo'y huwag nang maging mga bata pa, na napapahapay dito't doon at dinadala sa magkabikabila ng lahat na hangin ng aral, sa pamamagitan ng mga daya ng mga tao, sa katusuhan, ayon sa mga lalang ng kamalian;" (Epeso 4:14 KJV)*** * Dito ang isa pang kahalagahan ng limang katungkulang ito ay bantayan ang mga kasapi at protektahan sila mula sa panlilinlang at paggawa ng maling desisyon at maling hakbang sa buhay. * Ang limang kaloob o katungkulang ito gamit ang Salita ng Dios at ang pangunguna ng Banal na Espiritu na may Rhemang Salita na dadalhin ng Banal na Espiritu ay maglalantad ng maling turo at magpoprotekta sa mga kasapi, manggagawa at buong simbahan mula sa paglihis sa mga daan ng Dios at kalooban ng Dios. * Ang limang katungkulan ay magpoprotekta sa simbahan mula kay Satanas, sa maling turo, sa mga bulaang propeta, sa mga bulaang pastor at sa mga bulaang guro at mula sa masasamang gumagawa na kasama ni Satanas at ng mga demonyo.

***"15 Kundi sa pagsasalita ng katotohanan na may pagibig, ay mangagsilaki sa lahat ng mga bagay sa kaniya, na siyang pangulo, sa makatuwid baga'y si Cristo;" (Epeso 4:15 KJV)*** Ang bawat isa at bawat simbahan ay dapat na masigasig na gamitin ang gayong mga kaloob o katungkulan upang sabihin ang katotohanan, ang Salita ng Dios, upang pamahalaan ang mga gawain ng simbahan at upang gabayan ang mga kasapi ng Salita ng Diyos upang sila'y lumago sa pag ibig ng Dios upang maging katulad ni Jesus, ang pinuno ng simbahan, sa pagkatao at sa ugali. ***"16 Na dahil sa kaniya'y ang buong katawan na nakalapat na mabuti at nagkakalakip sa pamamagitan ng tulong ng bawa't kasukasuan, ayon sa paggawang nauukol sa bawa't ay iba't ibang sangkap, ay nagpapalaki sa katawan sa ikatitibay ng kaniyang sarili sa pagibig." (Epeso 4:16 KJV)*** * Kapag ang bawat kasapi ay lumago at naging ganap, magiging masigasig siyang gumawa ng tamang pagpapasya at tamang paghirang para sa Dios, upang ang simbahan, ang mga ministeryo, at ang bawat kasapi ay lalo pang lumago at maging ganap. * Sa huli ang gayong kaloob o katungkulan ay magsisikap na mapatatag ang buong simbahan sa pagibig, malinis mula sa kasalanan, mula sa kasakiman, at maging ganap at responsable kay Cristo at sa Kanyang Salita at sa kalooban ng Dios na Kanyang itinakda para sa atin upang lakaran. * Sa paraang magiging mabubuting halimbawa tayo sa iba na ang ating buhay ay magiging huwaran nila para sundin ang Dios.

Ang limang kaloob o katungkulang ito, apostol, propeta, evangelista, guro at pastor ay makikipagtulungan kay Cristo na pinuno ng simbahan gamit ang Salita ng Dios upang patnubayan ang simbahan at ang mga manggagawa at ang mga kasapi at ang mga ministeryo sa kalooban ng Dios at mga plano ng Dios, na pinoprotektahan ang mga miyembro mula sa diyablo, ang maling mga plano, mula sa mga epekto ng mga kasalanan at mula sa mga taong ginagamit ng diyablo upang makapinsala sa mga kasapi, at pagtulong sa bawat kasapi na umunlad, at nakikipagtulungan kay Cristo upang magtatag ng mga obispo, matatanda at diakono, na gagamitin upang mamuno sa iba pang mga kongregasyon ng simbahan, kaya ang katawan ni Cristo ay lalawak at lumaganap.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Tayo ay lumapit ngayon sa Dios at maging handang tanggapin ang pagsasaayos ng Dios at ang paraan ng pamamahala Niya sa Kanyang simbahan sa pamamagitan ng espirituwal na kaloob o katungkulang ito na ibinigay Niya sa Kanyang simbahan. Maging handang makipagtulungan sa mga pinunong itinalaga ng Dios para sa Kanyang simbahan sa pagbibigay sa kanila ng mga espirituwal na kaloob na kailangan ng Kanyang simbahan.

Lumapit ngayon sa Panginoon sa pagsisisi, talikuran ang iyong mga kasalanan at ang iyong mga landas at lubos na ipagkatiwala ang iyong sarili sa Panginoon at sa Salita na iyong tinanggap ngayon at sundin at tumalima sa turo ng Dios at sa mga katungkulang inilagay Niya para sa iyo upang gumawa ng tamang pasya, at sa gayon ikaw ay lalago, maging ganap, sakdal at maligtas mula sa maling turo at mga patibong ng diablo at ng mga taong nakikipagtulungan sa kanya.

Manalangin tayo…

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyo para sa limang katungkulan ng mga apostol, propetam evangelista, guro at pastor na ibinigay mo sa iyong simbahan upang lumago, maging ganap, sakdal, maprotektahan at maabot ang pagkakaisa at ang buong hakbang kay Cristo. Panginoon salamat sa pagbibikas ng aking mga mata upang hakbanging ito at ipinakita sa akin kung paano buuin ang aking sarili dito at upang maglingkod sa hakabanging ito para sa iyong kaluwalhatian.*

*Ipagtapat ngayon ang iyog mga kasalanan at talikuran ang mga ito. Ipagtapat ang iyong kapalaluan at paggawa ng iyong sariling kalooban at plano. Iwaksi ang iyong sariling kaunawaan at malayo sa pagbabasa at pagniniay ng Salita ng Dios at sa buhay pananalangin. Magsisi at talikuran ang iyong mga kasinungalingan, walang katapatan, imoralidad at pagnanasa. Iwaksi ang iyong masamang pangangasiwa at ang iyong katamaran, pag aaksaya ng iyong oras sa Media at pagkakaroon ng pakikisama sa mga di mananampalataya at pakikinig at pagkuha ng mga payo mula sa kanila. Panginoon patawarin mo ako nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan* ______________________________.

*Panginoon Iipinangako ko ang aking sarili sa mga alintuntunin na Aking natutunan sa mensaheng ito. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na makipagtulungan sa limang katungkulang ito ng mga apostol, propeta, evangelista , guro at pastor na ibinigay mo sa iyong simbahan. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na tanggapin ang makaDios na mga payo mula sa mga katungkulan ito at ang impormasyon mula sa kanila at isagawa sa aking buhay at ibahagi kung anong natanggap ko sa iba na nakapalibot sa akin, sa pag abot sa naliligaw at sa pagpapalaganap at pagtuturo ng iyong Salita sa mga handang makinig. Panginoon Ipinangako ko ang aking sarili na simulang maglingkod sa iyo at maging isang mabuting halimbawa sa iba upang makita nila si Jesus sa aking buhay.*

*Panginoon salamat para sa lahat ng akong mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinakumbaba ang kanilang sarili at bumalik sa iyo at handang ipagkaloob ang kanilang sasrili at makipagtulungan sa limang katungkulan ng mga apostol, propeta, evangelista, guro at pastor na ibinigay mo sa iyong simbahan. Panginoon tulungan sila sa kanilang buhay at maglaan para sa kanila, gawin silang lumago at maging ganap, gawing perpekto sila upang patuloy na gumawa ng mga makaDios na pasya at patuloy na dumaan sa makipot na daan at makipot na pintuan, at protektahan sila upang patuloy silang magpatuloy at maglingkod sa iyo.*

*Panginoon dalangin namin sa aming simbahan na makipagtulungan kami sa iyo sa limang katungkulang ito; ng mga apostol, propeta, evangelista, guro at pastor upang gawing perpekto ang ating simbahan, upang ang bawat isa at bawat kasapi ay lumago, maging ganap, upang mapatatag, upang mamuhay sa kalooban ng Dios, upang maabot ang pagkakaisa sa pananampalataya, upang maprotektahan mula sa tuso ni Satanas at ang maling turo, at upang makatulong upang maipalaganap at mapalawak ang iyong simbahan at mga ministeryo.*

*Panginoon, dalangin namin na maglaan para sa amin upang magpatuloy sa paglilingkod sa iyo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon bigyan mo kami ng karunungan upang mapangasiwaan ang ilang mga mahirap na isyu at upang malaman mula sa iyo ang mga solusyon para sa mga ito. Panginoon ipinapangako namin sa aming sarili na magparami ng higit pa ng bunga ng Banal na Espiritu sa aming buhay, pag ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapakumbaba, pagpipigil sa sarili, pagtitiis, pagtitiyaga, mahabang pagtitiis, pananampalataya at katapatan upang magpatuloy at maglingkod sa iyo sa mas mahusay na paraan at upang makita ng iba si Jesus sa ating buhay. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob na kailangan namin sa ating buhay upang magpatuloy at maglingkod sa iyo, mag-evangelio, gumawa ng bagng mga alagad, magsanay ng bagong mga manggagawa at magtanim ng bagong mga pag aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan at abutin ang mga bagong mga tao at bagong lugar. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan 'Pagpaparami ng kapayapaasn sa buong kalooban ng Dios. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit, Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus , Amen.*

Paano Gumawa ng Tamang Pagpapasya Yugto 10, Epeso 4:11-16.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com